

Marso 25, 2020

Mahalagang Abiso mula sa Departamento ng Serbisyong Pangkaunlaran tungkol sa Pag-ulat nga mga insidente kaugnay sa COVID-19

Ano ang dapat malaman

Ang mga sentro ng rehiyon at mga tao na sumusuporta sa iyo ay mag-uulat kung may taong may sakit ng COVID-19.

Sa panahon ng pagsiklab ng COVID-19, ang sentro ng rehiyon at mga tagapagkaloob ay magkukumpleto ng ulat sa anumang mga insidente kaugnay sa COVID-19. Ito ay makakatulong sa mga tauhan na malaman kung may panganib sa iyo o sa iba at tutulong sa mga plano ng tauhan na panatilihin ligtas.

Ano ang nagbabago

Ang mga ulat ay makukumpleto kung ikaw ay nasa paligid ng sinuman na may COVID-19, hinihinalang may COVID-19, nasuri para sa COVID-19, o mayroong COVID-19.

Ang impormasyon na ito ay makakatulong sa paggawa ng mga plano upang panatilihin ang iyong kaligtasan at kaligtasan ng iba sa panahon ng krisis ng COVID-19.

Mga katanungan?

Makipag-ugnay sa iyong lokal na sentro ng rehiyon. Kung hindi ka nila matulungan, paki-email sa DDSC19@dds.ca.gov

Dagdag na kaalaman

Tignan ang website ng Departamento para sa [Madalas na mga Katanungan](#) tungkol sa COVID-19.

Buong link sa teks ng direktiba ng Departamento ng Serbisyong Pangkaunlaran sa : [Gabay sa Pag-ulat sa mga Insidente Kaugnay sa COVID-19](#)